# SUMALI SA TALAKAYAN PARA SA MAS CLEAN AT MAS GREEN NA SAN DIEGO



Noong 2022, ipinasa ng mga botante ang Panukala B, na nag-amyenda sa 1919 People's Ordinance. Nilinaw ng update na ito ang pagkolekta ng basura at resiklo ng Lungsod ng San Diego sa mga tahanan na may hanggang apat na yunit. Inalis din nito ang kataga mula sa naunang pag-amyenda na nagbawal sa paniningil ng bayarin para sa mga serbisyong ito.

**Nagsasagawa ang Lungsod ng pag-aaral at proseso ng pagpapabatid sa publiko upang masuri ang mga sumusunod:**

- Ang kasalukuyang gastos ng Lungsod sa pagkolekta at pamamahala ng basura at resiklo mula sa mga tahanan para sa iisang pamilya at maliliit na tahanan para sa maraming pamilya na may apat o mas kaunting yunit
- Mga paraan upang gawing mas mahusay at matipid ang pagkolekta ng basura, resiklo, at organikong basura
- Mga ideya at kagustuhan ng publiko
- Mga pagkakataon para sa mga bago o pinahusay na serbisyo sa pagkolekta at mga opsyon para sa pagbawi sa gastos

## Kinakailangan ang apat na haligi para sa matagumpay na pagpapatupad:

| | |
|---|---|
| PAGPAPABATID AT PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KOMUNIDAD | PAG-AARAL SA HALAGA NG SERBISYO |
| PAGPAPATALA NG CUSTOMER | PAGPAPATUPAD NG BAGONG PROGRAMA SA BUONG LUNGSOD |



## Sino ang maaaring kailangang magbayad?

Ang mga potensyal na bagong bayarin ay makakaapekto sa mga sumusunod na kwalipikadong residente:

- Mga may-ari ng bahay na para sa isang pamilya at mga nangungupahan sa mga bahay na iyon
- Mga property na may hanggang apat na yunit

## Sino na ang nagbabayad?

Ang karamihan sa mga sumusunod na property ay tumatanggap ng mga serbisyo sa pagkolekta mula sa pribadong tagahakot at binabayaran sa pamamagitan ng mga bayarin para sa asosasyon ng may-ari ng bahay, upa, o iba pang bayad:

- Mga condo
- Mga apartment
- Mga tirahang may mahigit sa 4 na yunit
- Mga tirahan sa pribadong kalye o sa mga gated community
- Mga mixed-use property
- Mga non-residential property at negosyo

## Gustong malaman ang iba pang detalye?

Manatiling updated sa mga potensyal na pagpapahusay ng serbisyo at mga bayarin sa hinaharap! Bisitahin ang **CleanGreenSD.org**.

Makikita ang aming mga fact sheet at mga FAQ sa **CleanGreenSD.org/Resources**.

Para sa mga karagdagang tanong o komento, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa **Trash@SanDiego.gov**.